## ACTIVITY

A. Kumpletuhin ang pangungusap. Iguhit ang larawan na kumakatawan sa nawawalang salita.

Ngunit sinabi ng Diyos kay Samuel, "Huwag mong [ ] ang kanyang [ ] at kakisigan, sapagkat hindi siya ang pinili ko.

Hindi [ ] ng Panginoon ang mga bagay na tinitingnan ng tao.

Ang tao ay tumitingin sa [ ] na anyo, ngunit ang Panginoon ay tumitingin sa [ ].

B. Sagutin ang mga tanong.

1. Sinong anak ni Jesse ang unang pinakilala kay Samuel na siya ring inisip niyang magiging hari na kapalit ni Saul?

_______________________________________________

2. Bakit hindi pinili ni Samuel ang unang anak na dinala ni Jesse sa harap niya?

_______________________________________________

3. Ano ang ginagawa ni David nang dumating si propeta Samuel sa kanyang bahay?

_______________________________________________

PHILIPPINE BIBLICAL WORLDVIEW FOUNDATION, INC. • 2015 •

4. Paano nagbago ang buhay ni David matapos ipaalam sa kanya at sa kanyang pamilya ang ginawang pagbuhos ng langis sa kanyang ulo ay pagpapatunay na siya ang piniling susunod na hari ng Israel?

_______________________________________________________________

5. Ano ang dahilan ng pagpili ng Diyos kay David bilang susunod na hari ng Israel?

_______________________________________________________________

Si David ay isang taong may pusong naghahangad na bigyang kasiyahan ang Diyos. Bago pa man niya malaman na siya ang napili ng Diyos bilang susunod na hari ng Israel, nakita na ng Diyos ang hangarin ng kanyang puso. At matapos niyang malaman na siya ay magiging susunod na hari, siya ay nanatiling masipag at responsable sa kanyang mga gawain, hindi siya nagmalaki o kaya ay nagmayabang. Nanaili siyang mapagpakumbaba at masunuring anak sa kanyang mga magulang.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Sa isang malaking paaralan sa bayan, may isang siyam na taong gulang na batang nagngangalang Maya. Isang umaga nilapitan si Maya ng kanyang guro.

Ms. Lopez: "Maya, ikaw ang napili naming kinatawan para sa Science Fair."

Maya: "Napili po ako?" (bulalas ni Maya nang may kasamang tuwa at pagkabahala).

Ms. Lopez: "Oo, ikaw! Dahil sa iyong galing at sipag," (habang ngumingiti sa kanya.)

Laking pasasalamat ni Maya sa kanyang guro matapos marinig ang balita. Hindi siya makapaniwala na mapipili siya sa dami ng magaling at matalinong estudyante sa kanilang paaralan. Marami ang pumuri kay Maya matapos kumalat sa paaralan ang balita, ngunit siya ay nanatiling mapagpakumbaba.

Sa mga susunod na araw, nagtrabaho si Maya nang husto sa paghahanda para sa paligsahan. Bagamat kailangan maghanda ni Maya para sa Science Fair, hindi niya kinalimutan gampanan ang iba pa niyang gawain sa bahay at paaralan bilang lider.

Minsan, lumapit sa kanya ang isa sa kanyang mga kaibigan,

Carlo: "Kakayanin mo 'yan, Maya! Magaling ka mag-isip at masipag ka. Matatapos mo yang project mo."

Maya: "Salamat, Carlo! Sana nga magustuhan ng mga hurado ang proyekto ko."

Sa araw ng paligsahan, pinakita ni Maya ang napakahusay niyang proyekto.

Ms. Lopez: "Galingan mo, Maya! Alam kong magiging maganda ang iyong presentasyon,"

Maya: "Salamat po, Ms. Lopez! Gagawin ko po ang lahat ng aking makakaya."

Kahit hindi siya nanalo ng unang pwesto, masaya at puno ng pasasalamat si Maya sa kanyang mga magulang, guro, mga kaibigan at kaklase at higit sa lahat sa Diyos sa karanasan na nagkaroon siya.

Sa huli, pinatunayan ni Maya na ang tunay na lider ay hindi lamang sa pagiging matagumpay, kundi sa pagiging mabuti at mapagpakumbaba sa lahat ng oras.

Mga tanong:

1. Bakit napili si Maya na maging kinatawan ng paaralan sa Science Fair?

   ______________________________________________________________

2. Ano ang naging reaksyon ni Maya nang hindi niya makuha ang unang pwesto sa paligsahan?

   ______________________________________________________________

3. Anong katangian ni Maya ang dapat mong tularan?

   ______________________________________________________________

Sa ating kwento, pinatunayan ni Maya na ang tunay na lider ay hindi lamang sa pagiging matagumpay, kundi sa pagiging mabuti at mapagpakumbaba sa lahat ng oras. Hindi niya ginamit ang pagkapili sa kanya na maging representative sa Science Fair upang pabayaan ang mga gawaing nakaatas sa kanya. Patuloy niya itong ginampanan ng may kagalakan. Ang mga batang tulad natin ay dapat na matuto sa example ng pagiging mapagpakumbaba mula sa buhay nila David at Maya.



D. Memory Verse

“Si Yahweh'y hindi tumitingin nang katulad ng pagtingin ng tao. Panlabas na anyo ang tinitingnan ng tao ngunit sa puso tumitingin si Yahweh.” **1 Samuel 16:7b**